



Karanasan ng mga Magulang na may Anak na Autismo Sa Panahon ng Pandemya

DOI: <https://doi.org/10.5281/zenodo.11399420>

Tracy S. Larioza

STI West Negros University, Bacolod City Philippines

<https://orcid.org/0009-0002-6739-7420> | trace.cyserdevilla@gmail.com

Dr. Ma. Leni C. Francisco

STI West Negros University, Bacolod City Philippines

<https://orcid.org/0009-0007-2401-1897> | francisco.maleni26@gmail.com

Abstrak:

Ang pag-aaral na ito ay tumatalakay sa mga karanasan ng mga magulang na may anak na may autismo at upang maintindihan pa lalo ang kanilang kinakaharap na hamon araw-araw. Ang pakikipanayam sa walong (8) magulang ay nagbigay linaw sa problema at hamong nararanasan ng mga magulang sa kanilang anak na may autismo sa panahon ng pandemya. *Thematic* ang pagsusuri at inilapat sa datos sa pamamagitan ng *coding*, pagkategorya, at pagbuo ng mga tema mula sa impormasyon ng mga magulang. Ang layunin ng *qualitative phenomenological study* na ito ay para tuklasin ang karanasan ng mga magulang sa pag-aalaga ng kanilang anak noong panahon ng pandemya. *Phenomenological* ang disenyo na ginamit sa walong magulang ng mga batang may ASD. Ayon sa resulta ay may tatlong tema: una ay ang suliranin na nararanasan ng mga magulang, na may anak na may autismo, na nakaranas ng mga pagkabalisa gaya ng kakulangan sa tulog, pagod, *stress*, kakulangan ng oras para sa sarili at takot na mahawaan ng *virus* noong panahon ng pandemya. Matinding hamon rin para sa mga magulang ang pinansyal, pag-aalaga at pagkatakot para sa kinabukasan ng kanilang mga anak na may ASD. Sa kabila ng lahat kahit na nahihirapan sa sitwasyon ay mayroon silang *coping strategies* upang malampasan at matanggap ang mga hamon kinakaharap ng mga magulang. Ito ay maluwaag na pagtanggap, pagbibigay-oras sa sarili at paghingi ng tulong mula sa mga propesyunal. Nilalayong rin ng pag-aaral na ito na matulungan ang mga magulang ng mga batang may autismo. At kung ano pang pwedeng maging tugon para matulungang mapa-unlad ang kondisyon ng kanilang anak.

Keywords: Autism Spectrum Disorder, Pagkabalisa, Hamon, Karanasan ng mga magulang, Bacolod City, Negros Occidental

INTRODUKSIYON

Kaligiran ng Pag-aaral

Ang pagiging magulang ay isang hamon na puno ng responsibilidad. Ang pag-aaral na ito ay ipinapakita ang kakayahan ng isang magulang na harapin ang mga hamon sa buhay. Sa kabila ng lahat ng ito, ang pinakamahirap ay ang makitang nahihirapan ang anak dahil sa kondisyon nito. Masakit isipin na may mga bagay na hindi natin kayang kontrolin, na kailangang harapin nang may mahabang pasensya at pag-aaruga. Isa sa kondisyong ito ay ang tinatawag na "autismo". Ang pagkakaroon ng anak na may autismo ay nagdudulot ng mga kakaibang pagbabago sa buhay ng isang pamilya. At lalong naging mahirap ito sa panahon ng pandemya. Dahil sa krisis na dulot ng pandemya, ang mga magulang na may anak na may autismo ay labis na naapektuhan. Ang mga bata ay nagdanas ng pagkainip at pagkasabik sa normal na pakikisalamuha at mga gawain. Dagdag pa rito, ang pangangalaga sa pisikal at pang-emosyonal na kalusugan ng mga anak ay naging mas mahirap dahil sa limitadong mga aktibidad at serbisyong pangkalusugan. Ang hindi pagkakaroon ng face-to-face na edukasyon ay nagpapahirap din sa pag-unlad ng mga kasanayan ng mga batang may autismo sa pakikisalamuha sa ibang tao. Ang sitwasyong ito ay naglalaan ng dagdag na pagkabahala sa mga magulang, na nag-aalala na ang kanilang mga anak ay maaaring mahawaan ng sakit kapag lumabas sila. Ang mga pangamba at pag-aalala na ito ay lalo pang nagpapalala sa pagkakaragdag ng mga suliranin na kinakaharap ng mga magulang. Ang mga pamilyang may anak na may autismo ay nahihirapan sa mga panlabas at panloob na pagkabalisa katulad ng pinansyal na problema, kawalan ng suporta, at kawalan ng abilidad na mamuhay sa krisis. Sa kabilang dako, ang ikalawang pagkabalisa ay maaring magresulta sa pagtaas ng negatibong emosyon na kalaunan ay nagiging dahilan ng pagkakaroon ng sintomas ng depresyon sa magulang at buong miyembro ng pamilya (Hastings, 2007). Sa kasalukuyang panahon, mahalaga ang pag-aaral na ito upang maunawaan ang mga karanasan at mga suliranin ng mga magulang na may anak na may autismo sa gitna ng pandemya. Ito ay naglalayong magbigay ng karagdagang impormasyon at gabay sa mga magulang sa pamamagitan ng pagbibigay-diin sa mga pamamaraan ng pagharap sa mga hamong kanilang kinakaharap.



Kaugnay na Literatura

Ayon kay Ilias (2018), mayroong anim na kadahilanan ang nakitang may kinalaman sa pagkabalisa ng isang magulang: sosyal na suporta, antas ng pagkalala ng kahirapang pinansyal, persepsyon at pag-intindi ng magulang sa pag-aalala sa hinaharap ng anak, at paniniwala. Ang anim na nabanggit ay maikakategorya bilang pinagmulan ng pagkabalisa at coping strategy.

Sa isang artikulo na sinulat ni Elemia (2020) ang mga magulang ay naiwan na walang pagpipilian kung hindi ang maghanap ng paraan kung paano maibsan ang mga nararamdaman ng mga anak na dulot ng pandemya. Mula sa mga problema sa anak, problemang pinansyal, hanggang sa banta sa kalusugan ang mga nararanasan ng mga ito. Dahil sa lockdown, napilitan ang mga magulang na maghanap ng paraan para matugunan ang mga espesyal na pangangailan ng mga anak. Ang iba ay nilalampasan ang mga checkpoint para lang mailabas ang mga anak. Sa realidad ngayon, ang mga magulang ay umaasa lamang sa internet upang matugunan ang kanilang mga ninanais. Sa Facebook, kung saan may grupo para sa may autismo, doon sila nanghihingi ng mga payo, suporta, gamot at tulong pinansyal.

Ang pagsusuring ginawa nina Ludlow et al (2020) na may pamagat na Mga Hamon na Hinaharap ng mga Magulang ng mga Bata na Nasuri sa Autism Spectrum Disorder -- isang kwalitatibong pag-aaral ng pakikipanayam kasama ang 20 mga magulang tuklasin ang kanilang mga karanasan, hamon na kinakaharap, at kung ano ang nakatulong sa kanila na makayanan ito -- kinilala ang anim na pangunahing mga kategorya: mga kahirapan sa pagbabago ng gawain, pagharap sa mga mapaghamong pag-uugali, paghuhusga mula sa iba, kawalan ng suporta, epekto sa pamilya, pagkaya at ang kahalagahan ng naaangkop na suporta. Ang resulta ay nagsasabi kung saan ang mga magulang mismo ay naniniwala na nangangailangan pa sila ng karagdagang suporta. Itinaas nito ang mga pangunahing estratehiya at mapagkukunan ng mga magulang na kapaki-pakinabang.

Ang pag-aaral ni Chu et al. (2018) sa Mga Hamon na Kinakaharap ng mga Magulang ng mga Bata na may Autism Spectrum Disorder sa Malaysia ay naglalayong tuklasin ang mga pananaw, hamon, at karanasan ng mga magulang na ang mga anak na may ASD ay pagtanggap ng mga serbisyong therapy sa pagsasalita ng wika na isinasagawa sa walong magulang ng mga bata na may ASD. Ang mga panayam ay naisalin at sinuri gamit ang tematikong pagsusuri.

Isang pag-aaral ni Fong (2021) Ang epekto ng COVID-19 lockdown ay lumilitaw na nakababahala sa nakagawiang gawain ng mga bata, na maaaring nag-aambag sa mataas na lebel ng kawalan ng atensyon at pagiging hyper na pag-uugali pati na rin ang mas mataas na antas ng sikolohikal na pagkabalisa. Ang pagtaas ng mga sintomas ng kawalan ng pansin at hyperactivity ay maaaring nag-aambag din ng kawalan ng pasensya sa pagsasagawa ng mga iminungkahing pamamaraan sa kalinisan (13) o hirap na manatiling nakatutok sa mga online na gawain sa bahay. Bukod dito, ang mga negatibong epektong ito ay maaari ring maiugnay sa mas maraming oras ng paggamit ng mga bata sa panahon ng pagkakakulong sa bahay. Natuklasan ng mga nakaraang pag-aaral na ang mga bata na nakikibahagi sa mas maraming oras ng paggamit ng teknolohiya ay may posibilidad na magpakita ng higit pang mga problema sa pag-uugali tulad ng kawalan ng pokus at hyperactivity (47-49) pati na rin ang mas mataas na sikolohikal na pagkabalisa (50, 69).

Paglalahad ng Suliranin

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay maunawaan at ilarawan ang mga karanasan ng mga magulang na ang anak ay may autismo, lalo na sa panahon ng pandemya, sa isang paaralan sa Lungsod ng Bacolod noong 2021-2022. Upang maabot ang layunin na ito, ang mga sumusunod na tanong ang hinahanap na sagutin:

1. Ano-ano ang mga suliranin na kinakaharap ng mga magulang na ang anak ay may autismo?
2. Ano-ano ang mga hamon na kinakaharap ng mga magulang na ang anak ay may autismo?
3. Ano-ano ang mga diskarte o coping strategies ng mga magulang na ang anak ay may autismo?

METODOLOHIYA

Disenyo ng Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay isinagawa upang matukoy ang mga karanasan ng mga magulang na ang anak ay may autismo ngayong panahon ng pandemya. Ang disenyong ginamit sa pag-aaral na ito ay kwalitatib na disenyo na ginagamit ang phenomenological na pagsusuri. Ayon kay Creswell (2015), ang phenomenology ay isang pag-aaral kung saan ito ay nangangailangan ng malalim na pag-unawa sa mga karanasan ng tao sa buhay na matutunan sa isang grupo na may parehong karanasan. Ang disenyong ito ang pinakaakma sa paglalarawan ng mga karanasan sa buhay ng mga magulang na ang anak ay may autismo, sa kung paano nila hinarap ang mga suliranin at hamon nila sa buhay.



Mga Taong Kasangkot sa Pag-aaral at "Inclusion Criteria"

Ang *purposive homogeneous sampling method* ang ginamit sa pagpili ng mga kalahok. mga kalahok na may parehong katangian para maunawaan ng mananaliksik ang mga karanasan nila habang ito ay ikinukompara at kinukuha ang pagkakaiba. ng mga karanasan sa buhay ng mga kalahok. Dahil dito, ang mga magulang na ang anak ay may autism, na nag-aaral sa paaralang napili bilang lokal ng pag-aaral, ang mga kalahok sa pag-aaral na ito. walong (8) ina ang kinapanayam bilang tagatugon para maisalarawan ang mga pagkabalising naranasan at nalampasan ng mga magulang na ang anak ay may autismo sa panahon ng pandemya.

Disenyo ng Pananaliksik

Ang disenyong ginamit sa pag-aaral na ito ay kwalitatib na disenyo na ginagamit ang phenomenological na pagsusuri, isang grupo na may parehong karanasan. Ang disenyong ito ang pinakaakma sa paglalarawan ng mga karanasan sa buhay ng mga magulang na may anak na autism sa pamamagitan ng interbyu, sa kung paano nila hinarap ang mga suliranin at hamon nila sa buhay. Ang uri ng pananaliksik na ginamit ay deskriptibong pananaliksik, ito ang ginamit dahil may mga makukuhang katunayan sa nakikitang kondisyon.

Instrumentong Ginamit sa Pag-aaral

Ang mananaliksik ay sumulat ng mga posibleng *open-ended* na mga tanong tungkol sa paksang pinili. Ang interbyu ay ang pamamaraan ng pangongolekta ng datos na pinagkuhanan ng salaysay ng kanilang mga karanasan bilang mga magulang ng kabataang may autismo sa panahon ng pandemya. Ang form na may kaalamang pahintulot ay ginamit sa pag-aaral na ito.

Pamamaraan sa Pangongolekta ng Datos

Ang mananaliksik ay naghanda ng mga katanungan para sa mga kalahok kung saan sila ay nagbahagi ng kanilang mga karanasan sa buhay. Inisa-isa silang kinapanayam ng mananaliksik sa lugar na tahimik at oras na komportable para sa kanila. May mga karagdang katanungan ang mananaliksik bilang follow-up sa mga sagot ng pakikipanayam. Isang audio recorder ang ginamit ng mananaliksik para walang makaligtaang sagot mula sa umpisa hanggang sa dulo.

Paraan sa Pagkuha ng Datos

Ang interbyu ay nirekord gamit ang audio recorder at isinalin lahat. Ang inductive thematic analysis na metodolohiya ang ginamit pati sa mga tema na nakuha mula sa pakikipanayam at isinaalang-alang ang mga sumusunod: *familiarization with data, generation of initial codes, searching for themes, reviewing themes, defining and naming themes at ang pinakahuli ay ang producing the report.* Matapos tukuying ang mga tema, ang mananaliksik ay nagsimulang sumulat ng pinal na ulat.

Konsiderasyong Etikal

Dahil sa kondisyong may autismo ang mga anak ay isinaalang-alang ng mananaliksik ang etikal na aspekto nito. Iprinisa ng mananaliksik ang Informed Consent Form sa mga prospek na kalahok sa pag-aaral na ito at sinigurado ang *confidentiality, privacy at anonymity* ng mga pagkakilanlan ng mga kalahok.

Katumpakan ng Instrumentong Ginamit

Para masiguro ang kalidad ng mga resulta at masigurong kapani-paniwala ang mga datos na nakalap sa pag-aaral, ang sumusunod ay isinaalang-alang: *confirmability, transferability, dependability and credibility.*

PAGSUSURI NG MGA NATUKLASAN, KONKLUSYON, AT REKOMENDASYON

Talahanayan 1: Mga Suliraning Nararansan Bilang mga Magulang ng Batang may Autismo

Pangalan ng Magulang	ng	Suliraning Naranasan
Ella		Pagod sa kadahilanang kulang sa pagtulog dahil sa sleeping habit ng anak. Problema sa pinansyal dahil sa therapy. Natakot mahawaan ng "virus".
Devina		Stress sa pag-aalaga sa anak dahil sa pagiging hyper nito at kailangan pang bantayan". kakulangan sa panahon dahil sa pag-aalaga at trabahong online. Pagod lagi sa byahe sa paghatid at sundo sa therapy



Anny	Pisikal na stress dahil kulang sa tulog at pahinga. Takot mahawaan ng "virus" dahil walang sariling sasakyan papunta sa paaralan. Takot kung paano ang anak niya at pag hindi natuto ng mga bagay-bagay.
Sherlyn	Stress sa pinansyal dahil picky eater ang anak at sa gastosin sa therapy.. Pagod dahil sa pagiging hyper ng anak lalo nap ag nagtantrums.
Candy	Takot sa posibilidad na mahawaan ng virus ang aking anak. Stress sa pinansyal dahil sa therapy at araw-araw na hatid at sundo sa kanyang anak. Takot na baka hindi maging ok ang kanyang anak at paano siya paglaki niya?
Shella	Laging late sa pagtulog dahil sa sleeping habit ng anak. Stress dahil sa eating habit ng kanyng anak dahil masyado itong pihikan at hindi kumakain ng masustansiyang pagkain. Pagod dahil sa paghatid at sundo sa anak sa therapy
Andrie	Kulang sa oras sa sarili dahil sa pag-aalaga sa anak kapag nasa bahay at isinasabay ang mga gawain sa trabaho. Natatakot syempre masakit isipin ang kinabukasan niya kung paano siya kung lumaki na siya. Baka 'di niya alam kung ano ang gusto nya. Baka i-bully siya o ano ang gagawin sa kanya. Stress sa pag-aalaga sa anak.
Yomi	Stress dahil hindi makalabas ng dahil sa pandemic dahilan din ng pag regress ng kanyang anak. Stress sa pinansyal dahil sa therapy ng anak at kanyang gamot sa kanyang sakit.

Kulang sa Tulog

Isa sa mga sintomas ng autismo ay ang kahirapan sa pagtulog ng mga ito. Ito ang isa sa mga nagbibigay suliranin sa mga magulang ng mga batang ito. Karamihan sa mga kalahok sa pag-aaral na ito ay nakararanas ng kakulangan sa pagtulog. Tulad na lamang ng nabanggit ni:

"Ella"

"...she was not sleeping properly like she will sleep 12 at midnight then she will wake up 1 or 2 in the morning.... she will wake up again mga 5 or 6 o'clock sa aga. So it's the hardest part of my life ..."

Dagdag din ni Ella na sleep disorder din ang problema niya sa anak dahil gumigising ito ng madaling araw. Nagrerresulta ito ng problema niya rin sa tulog at panghihina niya sa mga gawain dahil kulang din siya ng tulog.

"Shella"

"...Sleeping habit niya kay amo na bi kay gab-I nagid na siya gatulog ti kung ano oras siya matulog amo man ako sina. Kis-a maskin tuyo-tuyo nagid ko napungan ko gid...."

Ayon kay Shella, isa sa mga pinakapinoproblema niya ay ang problema ng kanyang anak sa pagtulog na nagiging resulta sa pagtamlay ng kanyang katawan.

Ipinapakita ng talahanayan na kulang sa tulog ang isa sa mga problema ng mga magulang na may batang may autismo sa kadahilanang isa ito sa mga sintomas ng autismo. Ang mga bata na may autismo ay kadalasang gising sa hatinggabi o kaya ay madaling araw, kaya ang mga magulang ay gising din at hindi makatulog. Bilang epekto nito, naging mahina sila at apektado ang kanilang mga gawain sa araw.

Pagod

Ang mga magulang na ang anak ay may autismo ay nakakaranas ng pisikal na pagod mula sa pag-aalaga sa mga ito. Nabanggit na ang mga batang may autismo ay hyper, nagta-tantrums, minsan ay bigla na lang umiiyak nang walang kadahilanan at pihikan sa pagkain. Kaya nagdudulot ang mga ito ng pagkapagod ng kanilang mga magulang.

Sabi ni Divina:

"Kapoy kay ti hands-on ko pirmi sa bata... dugangan pa nga amo na si Shander hyper, wala gapamuyong kag balantayan gid siya ya." (nakakapagod kasi lagi ko siyang binabantayan, lalo pa't siya ay napaka hyper, malikot kaya dapat talaga siyang bantayan).

Ipinipresenta sa talahanayan na ang mga magulang na ang anak ay may autismo ay nakararanas ng matinding pisikal na pagod dahil sa pag-aalaga sa kani-kanilang mga anak. Hindi madaling kontrolin ang mga anak lalo na kung ang isang magulang ay hindi alam kung ano ang gagawin dito. Ang mga "hyper" na anak ay



nakakapagod dahil umiikot-ikot ang mga ito at masyadong malikot sa isang lugar. Dapat laging nakatuon ang pansin ng tagapag-alaga at palaging nakabantay. Ang isang magulang ay dapat nakatutok lamang. Pag tina tantrums ang mga ito, matagal bago sila tumahan. Ang iba humihiga sa sahig at nagwawala na wala namang kadahilanan kaya napapagod ang kanilang mga magulang. Kung minsan, ginagawa nila ito sa harap ng maraming tao.

Stress

Iba't-ibang klase ng pagkabalisa ang nararanasan ng mga magulang na ang anak ay may autismo. Isa na rito ang pinansyal na stress. Pinansyal stress na dulot ng pandemya at pambayad sa therapy. Halos karamihan ng mga kalahok sa pag-aaral ay nakararanas ng pinansyal na stress. Sabi ni: "Ella"

"The school is so very expensive... especially now that we have to bring her at a special school. We need to pay the therapy and also for the fare everyday when we go to school." (napakamahal ng kanilang eskwelahan...lalo pa at kailangan namin siyang pag-aralin sa isang eskwelahan para sa mga espesyal at pati na rin ang aming pamasahang papunta sa eskwelahan.)

"Anny"

"During sa time na pandemic financially ga problem man ko sa money since na isa lang ang nagawork sa amon ni Daddy niya. Ang therapy niya, school payments gaya ng upon enrolment ang laki, ang kanyang food and doctors fee pa."

Ayon kay Anny, sa kasagsagan ng panahon ng pandemya pinuprotektado niya talaga ang pinansyal lalo pa at isa lang ang nagtatrabaho sa kanilang mag-asawa. Maraming silang bayarin katulad ng paunang bayad sa paaralan, sa pagkain at sa Doctor.

"Candy"

"kung indi mo siya pa eskwelahan ma stay lang siya sa amo lang na. Iain gid ya kung pa eskwelahan mo siya, may proper therapy gid siya bala sa kabalo mag handle. Daw amo na ang professional nga ga handle sa school kay para mag improve man siya." (kung hindi mo siya pag-aaralin ganooon lang din siya. kung pag-aaralin mo siya may nararapat na therapy sa kanya na marunong humawak kung ano ang dapat na gawin. Parang yung propesyonal na humahawak ng ganoong kaso sa paaralan para sa pag-unlad).

"Sherlyn"

"Sa pandemic as a mother siguro financial kay wala nakasakay si Daddy niya... wala kami kwaan sang source of income tapos may ara man kami business pero nag close man kay ti wala man sang may gakaaladto sa computeran...duha na nga daan sila gina therapy..... Jusme! plus gasolina". (noong pandemic bilang isang ina siguro sa pinansyal kasi hindi nakasakay agad ng barko ang Tatay niya...wala kaming makuhanan ng pera meron kaming negosyo pero hininto namin kasi walang pumupunta sa computer shop. (Sa pandemic, bilang ina siguro pinansyal kasi hindi nakasakay agad ng barko ang Tatay niya...wala kaming mapagkukunan, mayroon rin kaming negosyo pero nagsara din kasi wala naming pumupunta sa computershop.)

"Andrie"

"...syempre ang gasto indi man hamak nga ano kay ti ang monthly sang CB is 5,000, OT 600 a week ti wala ko kabalo until when pa gid ang sige-sige...there is gid ya changes kung i-apply mo ang gina tawag nga intervention....sige lang ngita lang gihapon anay money eh to continue kay ang money mabalik lang na..." (syempre ang gastos hindi biro kasi ang buwanang CB niya ay 5,000, OT 600 isang lingo. Hindi ko alam kung kailan magtatagal.)

Kahit na mahal ang therapy, pinagpatuloy ng mga magulang ang mga ito para tuloy-tuloy din ang pag-unlad ng kanilang mga anak. Kaya kahit na stress sila, hindi sila tumitigil dahil bumabalik sa dati ang kilos at pag-uugali ng mga anak nila kung patitigilin ang therapy.

Kwento ni Yomi:

"Actually, sang wala pa pandemic nag-improve na na siya. Ang iya nga eye contact, ang iya nga focus. Galing pag pandemic, nag-untat kami tugod ang budlay mag-travel kay sa Hinigaran pa kami that time...Ti nag-stop kami, nag regress siya. Back to zero na naman kami." (Noong wala pang pandemic, may pag-unlad na sa kanya. Ang eye contact nya, ang kanyang focus. Ngunit ng dumating ang pandemya, tumigil kami dahil mahirap bumyahe kasi sa Hinigaran pa kami nung time na 'yun.)

Kwento ni Shella:



"... makapoy kay adlaw-adlaw kami naga therapy, adlaw-adlaw kami ga travel pa silay... amo na physically nakapoy gid ko travel kag mag dul-ong-dul ong..." (nakakapagod halos araw-araw kaming nagtitherapy, araw-araw kaming bumabyahe sa Silay.... yon napapagod ako talaga ako magbyahe at mag hatid-sundo).

Maliban sa pinansyal, nakararanas din sila ng emosyonal na stress. Nakakapagod sa kanila lalo na pag nagta-tantrums ang mga anak nila. Nahihirapan silang kontrolin ang mga emosyon ng mga ito at kalimitan hindi rin nila alam kung paano i-handle ang kanilang mga anak, kaya sila nagpapa-therapy.

Saad ni Shirly:

"... problems?..kadamo eh, kay ti kung sa emotional daw indi ko siya...biskan teacher ko daw indi ko maano bala sa iya matudlo sa iya kung ano ang dapat himuon niya kay ti kinahanglan ang maka ano specialist ng therapist gid.." (problema?..Marami. Kasi kung emosyonal parang hindi ko siya...kahit isa akong guro parang hindi ko maituro sa kanya ang dapat niyang gawin kasi kailang maka ano sa espesyalista ng therapist).

Kulang sa Panahon Para sa Sarili

Marami sa kanila ay may tig-iisang anak lamang ngunit kulang ang panahon nila pra sa sarili nila dahil sa tutok sila sa pag-aalaga sa kanilang mga anak. Mga "hyper" ang batang may autismo kaya dapat nakabantay ang kanilang mga magulang sa kanila.

Sabi ni Ella:

"... emotionally of course cause I wanted to have share some ano bala experiences because sometimes you have to take rest, you want to sleep...for me I cannot sleep kay ako gid ya ang ga take good care sang baby ko." Ayon kay Ella gusto niyang may kasalo sa mga karanasan dahil minsan ay kailangan niya ring magpahinga, gusto niya matulog pero hindi niya magawa dahil siya mismo ang nag-aalaga parati sa kanyang anak.

Wika ni Anny:

"Minsan ang kulit lalo na kung time to sleep wala akong masyadong tulog kasi ang likot siya. nagjajump siya sa bed hindi ka makatulog kasi hinihintay mo pa siya na matulog bago ka matulog." (Minsan ang kulit lalo na kung oras ng pagtulog wala akong masyadong tulog kasi ang likot siya. ntumatalon siya sa kama hindi ka makatulog kasi hinihintay mo pa siya na matulog bago ka matulog.)

Dagdag pa ni Andrie:

"Kulang sa oras para sa sarili dahil sa pag-aalaga sa mga anak habang nasa bahay at isinasabay ang mga gawain sa trabaho sa eskwelahan."

Takot na Mahawaan ng Virus

Sa kasagsagan ng pandemya, ang mga magulang na ang anak ay may autism ay pinili pa ring pumasok ang kanilang mga anak sa paaralan para sa kanilang therapy at di-inalintana ang virus. Ngunit, hindi rin nawawala sa kanila ang matakot at mag-alala na baka sila at ang kanilang mga anak ay mahawaan ng virus.

Sabi ni Ella:

"... its very hard you know ga think ka man nga basi maka catch ka Covid... she needs someone to interfere... so she can able to cope up the thing that she's missing on her developmental development system...So for me I risk everything for her to be ok later on."

Para naman kay Sherlyn:

"...ang akon ya nga kwan nga gin send ko si Sab kay kung sa balay lang gid ga regress lang gid siya nga naga regress...indi gid siya mag progress kay tungod lain ang kwan sang therapy..."

Ipinaliwanag ni Sherlyn na kahit may pandemya minarapat niyang dalhin sa therapy school si Sab sa kadahilanang bumabalik sa kawalan ng alam ang kanyang anak at tumitigil sa pag-unlad.

Sabi naman ni Andrie:

"...Syempre naghambal man ko sa self ko, what if kung magmasakit kami or amo na? pero siling ko kung magrely lang ako sa akon fear ya ano naman ang aksyon nga himuon ko sa bata ko?..safety protocols lang kami gihapon, nag ma-mask kami, ga bring always alcohol, pero nagahambal ko gina offer ko na lang ya sa Lord..."(syempre nasabi ko rin sa sarili ko, paano kung magkasakit kami or ganoon? Pero sabi ko kung ganoon lagi kong



iisipin ang takot ko ano naman ang magiging aksyon ko na gagawin para sa anak ko? Safety protocols lang kmi, nagsusuot kami ng mask, nagdadala kami lagi ng alcohol, pero sinasabi ko pinaubaya ko na lang kay Lord.)

Ani ni Candy:

"...amo na eh kung magtravel paskwela mo imo bata sa therapy school. Travel ka everytime magpakadto sa school. Ti ma expose ka sa iban nga tawo. Waay ta kabalo. Ti amo na eh dapat healthy living lang ta permi kag fear lang nga indi lang mag lock down." (iyon pag nagbabyahe pinag-aaral mo ang anak mo sa therapy. Ang byahe mo papunta lagi sa paaralan. Makakasalamuha ka ng ibang tao. Hindi natin alam. Kaya ganoon dapat healthy living tayo palagi at takot na sana hindi ulit maglock down).

Sabi ni Shella:

"Kung paminsaron mo lang imo kaugalingon nga indi ka maka gwa, indi ka mag ubra ti paano kami ya karon?... dason face to face pa nga daan. Hambal namon sugalan ta ni iya nga therapy. Kay ang focus namon nga daan is makahambal siya...maka recover siya." (kung iisipin mo lang ang sarili mong hindi ka makakalabas, hindi ka magtatrabaho paano kami? At saka face to face pa. Sabi naming magsusugal tayo para sa kanyang therapy. Kasi ang pokus namin aymakapagsalita siya...gumaling siya).

Sabi ni Divina:

"Sang time sang pandemic budlay sa amon mag travel kay ti taga Murcia pa kami....ang pasahero diyutay lang kay ti may social distancing daan... gahalong man kami kay may Covid budlay magmasakit sila kay wala gahambal." (noong panahon ng pandemya mahirap sa aming magbyahe kasi galling pa kaming Murcia... ang pasahero kakaunti lang kasi may social distancing kasi...nag-iingat rin kami kasi may Covid mahirap magkasakit sila kasi hindi sila nagsasalita).

Sa gitna ng pandemya, kahit mahirap ang pagbibyahe, ang mga magulang na ang mga anak na may autismo ay nagpupursige para makapagpa-therapy ang kanilang mga anak. Hindi nila inaalintana ang panganib na dulot ng virus para lamang makapunta sa paaralan. Walang makapigil sa kanila para gawin ito dahil kapag huminto sila sa pagpapa-therapy, mag-uumpisa na naman sila sa simula. Ang mga sesyon ay dapat patuloy na isinasagawa upang patuloy ang kanilang pag-unlad at hindi bumalik sa dati. Kaya ang ginagawa nila ay doble ingat para makaiwas sa sakit.

Talahanayan 2: Mga Hamon na Lubhang Nakaapekto Bilang mga Magulang ng Batang may Autismo

Tagatugon	Mga Hamon na Lubhang Nakaapekto Bilang mga Magulang
Ella	Stress sa pag-uugali ng anak dahil sa hyper ito at kailangan ng mahabang pasensiya. Walang panahon sa sarili dahil nakatutok lagi sa anak.
Devina	Pag-aalaga dahil masyadong hyper ang anak na kailangang bantayan kasi nakasisira ng mga gamit sa bahay. Hinahabaan lagi ang pasensiya sa anak dahil mahirap itong turuan. Apektado ang online business. Hindi stable ang income. Paghatid at suundo sa eskwelahan dahil malayo pa ang kanilang binabyahe araw-araw.
Anne	Problema sa pinansyal dahil sa mahal ang therapy at budgeted na ang perang ipinapadala. Someday, kung hindi siya maging okay, paano na lang? Baka burden na lang siya. Yung matanda na kami ng daddy nya paano siya? Sino ang titingin sa kanya? Paano siya mamuhay ng wala na kami? Na hindi siya pabigat sa kapatid niya.
Sherlyn	May negosyo sila tapos apektado dahil sa pandemic at mahal ang therapy. Nag-iisip lagi ng kanilang problema pinansyal lalo na at isa na lang ang nagtatrabaho sa kanila. Pag-aalaga sa anak at pagpapakain dito.
Candy	Challenging mag-alaga ng anak kasi iba-iba ang behavior. Ang hindi na ma-correct ang autism ng anak. 'Yan ang pinakamatinding takot nya.
Shella	Hamon para sa kanya ang pag-aalaga at pagpapakain sa kanyang anak dahil masyado itong pihikan sa pagkain. Lagging kulang sa tulog dahil sa sleeping habit ng kanyang anak. Mahabang pasensiya dahil sa tantrums ng kanyang anak.
Andrie	Financial Stability/capability para matustusan ang therapy. Syempre masakit isipin ang kinabukasan niya kung paano siya kung lumaki na



	siya. Baka `di niya alam kung ano ang gusto niya. Baka i-bully siya o ano ang gagawin sa kanya. Mahirap kasi nagtatrabaho ako. Kaya iniischedule ko na lang.
Yomi	Pasensiya ko kung minsan tinatry ko talaga kahit galit na ako, kung ang pagmamahal mo ay 100 times dapat mahalina mo pa siya ng 250 times. Ang greatest fear ko ay kung mawala na ako, walang mag-aalaga sa kanya. May fear of separation siya kasi.

Marami ang mga hamong hinaharap ng mga magulang na may anak na may autismo. Base sa interbyu, lumabas na ang lubhang nakaapekto sa kanila ay ang mga sumusunod:

Pinansyal na Pagkabalisa

Ang pinansyal na stress ang isa sa mga hamong nakaapekto sa mga magulang na ang anak ay may autismo at naging dahilan ito ng anxiety. Maliban sa pandemya na nagdulot ng kawalan ng income sa ibang pamilya, ang pagpapa-therapy sa kanilang anak ay hindi basta-basta.

Sabi ni Shirlyn:

"Iyon talaga ang pinaka problema ko kung wala ang pinansyal. Ok lang ang attitude niya basta may pera."

Sabi naman ni Anny:

"...sa financial kasi budgeted na lahat pero minsan may times kinukulang kasi may mga bagay na hindi natin control."

Maliban sa pagpapa-therapy, halos lahat ng mga magulang ay nakaranas ng pinansyal na stress dahil sa pandemya. Pero sa kabila nito, nagsusumikap silang ipagpatuloy ang therapy ng kanilang mga anak dahil alam nila ang kahalagahan nito.

Pag-aalala at Pagkatakot para sa Kinabukasan ng mga Anak

Sabi ni Yomi:

Oo, nakulbaan ko gid ang ano, kabay pa tani indi na tani magbalik ang iya case. Indi na tani liwat magbalik ang naagyan ko to bala." (...oo, kinatatakutan ko ang ano, sana hindi na bumalik ang case niya. Hindi na sana bumalik ang mga nadaanan ko noon.)

Dagdag pa ni Candy:

"...ang fear ko nga someday basi kung indi siya mag okay, paano na lang kung indi siya mag okay someday. Basi burden na lang siya bala haw." (Ang kinakatakot ko na balang araw baka hindi siya maging okay, paano na lang kung hindi siya mag okay balang araw. Baka pabigat na lang siya.)

Ani ni Anny:

"Pag-alala sa pagdating ng panahon – yung matanda na kami ng daddy niya paano siya, sino ang titingin sa kanya, paano siya mamuhay ng wala na kami, na hindi siya maging pabigat sa kapatid niya."

Ang mga magulang minsan ay dumadaan din sa emosyonal na alalahanin dahil sa takot para sa kinabukasan ng kanilang anak dahil para sa kanila ito ay mahirap na tanggapin.

Pag-aalaga sa anak na may Autismo

Sabi ni Andrie:

"pinaka challenging para sa akon ang iya nga behavioral management kay indi siya dali-dali magpati sa akon. Although ka intindi siya pero may ara gid iya Batasan nga indi mo mapilit maskin magkainano nga need gid sang patience kung paano ko siya i- compose ang self ko nga indi maglala ang iya nga behavior kag kis-a may ara sila nga unexpected tantrums." (ang pinaka hamon para sa akin ang pamamahala ng kanyang pag-uugali kasi hindi pa siyaminsan nakakaintindi siya pero mayroon siyang ugali na hindi mo mapipilit kahit anong mangyari na kailangan ng pasensya kung paano ko siya bubuuin ang sarili ko na hindi lumala ang kanyang pag-uugali at minsan mayroon silang hindi inaasahang tantrums).

Dagdag pa ni Cindy:



"...ang pinakaproblema ko gid sa iya ang iya nga behavior kay wala siya focus kung gina tudluan kag gina hambalan. Ang iya pagid nga tantrums kay kis-a kung abuton siya, gina bang niya ang head niya sa wall. Ti ga worry kaman kis-a basi maapektuhan ang sa sulod sang iya nga ulo kag maglala pa gid ang iya kondisyon. Galagid siya sa salog kag kis-a kahigko naga ugtas ka kanami nagid bakulon." (ang pinaka problema ko sa kanya ay ang kanyang pag-uugali kasi wala siyang pokus kung tinuturuan at pinagsasabihan. Pati na rin ang kanyang tantrums kung minsan pag sinusumpong siya, inuuntog niya ang ulo niya sa pader. Nag-aalala ako minsan baka maapektuhan ang utak niya at lumala pa ang kanyang kondisyon. Humihiga siya sa sahig at minsan madumi nawawalan na ako ng pasensiya ang sarap ng paluin)

Sabi ni Yomi:

"...ang pagpasensya gid kag kung kis-a maakig ko sa iya..... gina try ko gid maskin akig ko...kay wala siya kalibutan sa gina himo niya. Kag ang ina bala ang nahimus mo na siya dason manilapta naman siya. Ina bala gasunod ka sang kalat niya...kay feeling ko ga enjoy gid siya magkalat." (ang pagpasensya talaga at kung minsan ay magagalit ako sa kanya...sinusubukan ko kahit galit na ako...kasi wala siyang alam sa ginagawa niya. At yung na ayos mo na siya at pagkatapos magkakalat naman siya. Iyon bang sinusunod mo ang kalat niya. Kasi sa pakiramdam ko masaya siya pa nagkakalat.)

Sabi ni Shirlyn:

"challenging as a mother bilang may anak na siguro ang pag manage sa iya. Ang pagpakaon, ang pag-alaga." (hamon sa akin bilang isang ina na may anak na ay ang pamamahala sa kanya. Ang pagpapakain at ang pag-aalaga).

Batay sa panayam maraming mga magulang ang nagsasabing mahirap at isang hamon ang pag-aalaga sa anak dahil dito nasusukat ang kanilang pagiging ina sa kanilang mga anak. Ang isang batang may autismo ay may sariling pag-uugali kung ikukumpara sa mga normal na bata. Ang pagiging hyper kung minsan ang isa sa pinakamahirap intindihin. Nagiging maliksi sila at minsan hindi maiwasa na nakasisira na ng gamit at nasasaktan nila ang kanilang sarili, dahilan kung bakit kailangan silang bantayan. Pero kahit papaano, ang mga magulang ay nagpapakita ng pagtitimpi, hinahabaan ang pasensiya, at pilit pa ring iniintindi ang kanilang sitwasyon sa kabila ng mga problema kanilang kinakaharap.

Talahanayan 3: Mga "Coping Strategies" ng mga Magulang ng Batang May Awtisto

Pangalan Magulang	ng	Mga "Coping Strategies" ng mga Magulang
Ella		i-enjoy ang lang ang buhay para malimutan ang mga problema. Minsan naglalaro ng mobile legend at nanonood ng pelikula gaya ng komedya.
Devina		Yong binigay sa iyo dapat kayanin at dapat maging positibo. Minsan nag o-online business ako ng ukay kahit papaano nalilibang ko ang aking sarili.
Anny		Nagbi-beyk ako. Pag nagre-recharge ako, nawawala ang pagod ko. Sa pagtitherapy ng anak napapanatag ang loob mon a mayroong pag-asa. Tanggapin po ng open arms kaya 'yun naman ay binigay ni Lord. Wala akong choice kundi tanggapin.
Sherlyn		Nanonood ng teleserye lalo na ang broken marriage. Minsan pumupunta ako sa mall at nagpapakulay ng aking buhok Accepted ang kondisyon ng anak at nalilibang na rin kahit papaano sa paghatid sa kanya sa therapy.
Candy		Pag-iisip ng positibo na ang lahat ay magiging maayos din sa tulong ng Diyos. Nagnenegosyo online kahit papano nalilibang din lalo na pag may mga nagtatanong na mamimili.
Shella		Nagboboding sa labas ng bahay kasama ito ang nakakapag relax sa kanya. Nag-fifacebook at social media para malibang kasi nagagandahan ka minsan sa nakikita mo at nababasa.
Andrie		Paghingi ng tulong sa mga espesyalista. Dinadala ko ang aking anak sa behavioral and developmental na espesyalista para sa diagnosis. Humanap ng mga taong mas nakakaalam ng tungkol sa autismo. Nagbasa at nakipag-usap sa mga parents na may parehong experiences. Manage ang time sa pagtatrabaho at pag-alaga sa anak.
Yomi		Tinatanggap ang katotohanan Nag-o-online selling para makadagdag sa pinansyal na gastusin. Naglalaro ng games minsan tulad ng fish down



Inilahad sa Talahanayan 4 ang mga nalikom na mga pahayag o datos batay sa tanong na "Mga "Coping Strategies" ng mga Magulang ng Batang May Awtisto. Ang mga sumusunod ay:

Maluwag na Pagtanggap

Marami sa mga magulang ng batang may autismo ay tinanggap nang maluwag sa kalooban ang kondisyon ng kanilang mga anak. Mahirap sa umpisa. Naging emosyonal sila. Dumaan ang maraming panahon bago nila lubusang natanggap ang katotohanan.

Kuwento ni Yomi:

...amo na sang gin-istorya ko ni Dok, nang na blanko gid ko eh, syempre wala ko gina expect nga amo na. Tapos sang daw na ano ko na, nag wawaw ko to sa sulod. Siling niya normal lang na mommy kay indi lang man ikaw damo man iban mga moms amo na. ('Yun, noong kinausap ko ni Dok, na blanko talaga ako, syempre hindi ko ini-expect na ganyan. Tapos noong daw ano, umiyak talaga ako ng malakas sa loob. Sabi niya, normal lang iyan mommy, hindi lang naman kayo, maraming mga mommy ang ganyan din.)

Bawat tao ay may kani-kanyang paraan sa pagharap sa mga hamon ng buhay. Mayroong positibo, may negatibo. Sa mga magulang na ang anak ay may autismo, ito ang kanilang ginawa na nakatutulong sa kanila upang positibong harapin ang kalagayan ng kanilang anak.

Pagbigay ng Oras sa Sarili

Marami sa mga magulang na ang anak ay may autismo na wala nang oras sa sarili sa kakaalaga sa kanilang mga anak. Ang iba sa kanila ay kinukulang sa tulog, ang iba naman ay hindi na makapagtrabaho maalagaan lang ang kanilang mga anak. Kaya, ang iba sa kanila ay piniling magbigay oras sa sarili. Kailangan nilang ayusin ang iskedyul nila sa pagtatrabaho, sa sarili at sa anak. Iba-iba rin ang kanilang paraan para gawin ito: Ang iba sa kanila ay nagmo-mall, ang iba nagbi-beyk.

Si Anny at Sherlyn naman ay may ibang paraan. Sabi nya: "Ako sa self ko, pag stress ako, kapag napapagod ako, nagbi-beyk ako. Kaya yung time napupunta sa baking. Pag nag re-recharge ako sometimes ganoon...Nawawala lahat ng pagod ko kasi yon ang ginagawa ko sa bahay."

Dagdag pa ni Sherlyn:

" may mga time na iniwan ko si Sab sa mga tao sa bahay pagkatapos lalabas ako pupunta ako ng mall....at minsan magpapakulay ng buhok ko...."

Paghingi ng tulong mula sa propesyunal

Lahat ng mga magulang ay kumunsulta sa developmental specialist at nagpapa-therapy ng kanilang mga anak sa layuning maagapan pa ito nang maaga.

Sabi ni Yomi:

"Seek professional help. I brought my child to behavioral and developmental specialist for diagnosis. Para malaman ang kalagayan ng anak." (Humingi ng tulong mula sa mga propesyunal. Dinala ko ang aking anak sa behavioral and developmental na espesyalista para sa diagnosis. Para malaman ang kalagayan ng anak.)

Ipinapakita ng mga datos na nakalap na ang mga magulang ay handing gawin ang lahat maibigay lamang ang kinakailangan ng mga anak. Gaano man kahirap ang buhay, ang mga magulang ay naghahanap ng paraan para maipa-therapy ang anak dahil alam nila ang kahalagahan nito.

RESULTA AT REKOMENDASYON

Sa pag-aaral na ito, natuklasan ang mga suliraning kinakaharap ng mga magulang ng mga batang may autismo, ang kanilang mga pagsubok, at ang mga hakbang na kanilang ginawa upang harapin ang mga ito. Ang kakulangan sa tulog, pinansyal at emosyonal na stress, pagod, kawalan ng oras sa sarili, at takot sa virus ay ilan sa mga suliraning kanilang kinakaharap. Ang pangunahing hamon ay ang pinansyal na stress dulot ng pangangailangan sa therapy ng kanilang anak para sa pag-unlad nito. Ang pagbibigay ng oras sa sarili at paghahanap ng tulong mula sa propesyunal ay naging paraan ng mga magulang para harapin ang kanilang mga suliranin. Batay sa natuklasan, mahirap para sa mga magulang ang pag-aalaga ng mga batang may autismo. Kinakailangan ng pagmamahal at mahabang pasensya sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Ang pisikal na pagod at kakulangan sa tulog ay ilan lamang sa mga hamon na kanilang kinakaharap. Ang emosyonal at pinansyal na stress ay nagdulot ng dagdag na suliranin sa kanila, lalo na sa pangangailangan ng therapy ng kanilang anak.

Rekomendasyon



Batay sa natuklasan, nararapat na magkaroon ng mga programa ang pamahalaan na tutulong sa mga magulang ng mga batang may autismo. Ang libreng seminar at pagbibigay ng kaalaman sa pangangalaga sa mga batang ito ay makakatulong sa mga magulang. Ang pagtayo ng mga sentro ng therapy na libre para sa mga batang may autismo mula sa mahihirap na pamilya ay mahalaga rin. Kinakailangan din ang seminar para sa mga guro at magulang upang matutunan kung paano tratuhin at alagaan ang mga batang may autismo at maiwasan ang panunukso sa kanila. Inirerekomenda rin na isagawa ang pag-aaral na ito sa mga ama o kapatid ng mga batang may autismo upang masuri rin ang kanilang karanasan.

Pasasalamat

Ang mga mananaliksik ay nais pasalamatang ang mga sumusunod na tao at kaibigan na tumulong upang matapos pananaliksik na ito: Director of Research and Publications Office, Dr. Randolph L. Asistido; Mrs. Ma. Corazon Droa, Dr. Ynna S. Bodoso, Eron G. Serdevilla and Mrs. Bernadette M. Latoza.

Bibliograpiya

- Altiere, M. & Silvia von Kluge (2009) Searching for acceptance: Challenges encountered while raising a child with autism, *Journal of Intellectual & Developmental Disability*, 34:2, 142-152, DOI: [10.1080/13668250902845202](https://doi.org/10.1080/13668250902845202)
- Bodoso, Enna S. Narratives of Experiences: Challenges of Parents of Children with Autism Spectrum Disorder (ASD) *International Review of Social Sciences* Vol. 7 Issue.6. June 2019.
- Cassidy, Arlene, et al. *Preschoolers with Autism Spectrum Disorders: the impact on families and the supports available to them*. *Early Childhood and Care*. February 2008. Vol. 178, No.2, pp. 115-128.
- Chu, S. Y., Mohd Normal, S. N. S. A. binti, McConnell, G. E., Tan, J. S., & Joginder Singh, S. K. D. (2018). *Challenges faced by parents of children with autism spectrum disorder in Malaysia. Speech, Language and Hearing, 1-11*. doi:10.1080/2050571x.2018.1548678
- Gona JK, Newton CR, Rimba KK, Mapenzi R, Kihara M, Vijver FV, Abubakar A. Challenges and coping strategies of parents of children with autism on the Kenyan coast. *Rural Remote Health*. 2016 Apr-Jun;16(2):3517. Epub 2016 Apr 20. PMID: 27098766; PMCID: PMC5593098.
- Hall HR, Graff JC. Parenting challenges in families of children with autism: a pilot study. *Issues Compr Pediatr Nurs*. 2010;33(4):187-204. doi: 10.3109/01460862.2010.528644. PMID: 21047211.
- Hartley, S. L., Papp, L. M., Blumenstock, S. M., Floyd, F., & Goetz, G. L. (2016). The effect of daily challenges in children with autism on parents' couple problem-solving interactions. *Journal of Family Psychology*, 30(6), 732-742. <https://doi.org/10.1037/fam0000219>
- Hijmans, E., & Kuyper, M. (2007). Het halfopen interview als onderzoeksmethode. In L. PLBJ & H. TCo (Eds.), *Kwalitatief onderzoek: Praktische methoden voor de medische praktijk*. [The half-open interview as research method (pp. 43-51). Houten: Bohn Stafleu van Loghum.
- [J Fam Theory Rev](#). Author manuscript; available in PMC 2014 Sep 1.
Published in final edited form as: *J Fam Theory Rev*. 2013 Sep; 5(3): 194-213.doi: [10.1111/jftr.12015](https://doi.org/10.1111/jftr.12015)
- Kakkar, Jyoti; Srivastava, Prashant. *Journal of Psychosocial Research*; New Delhi Vol. 12, Iss. 2, (Jul-Dec 2017): 363-371.
- Ludlow, A., Skelly, C., & Rohleder, P. (2012). Challenges faced by parents of children diagnosed with autism spectrum disorder. *Journal of Health Psychology*, 17, 702 - 711.
- McStay, R.L., Trembath, D. & Dissanayake, C. Stress and Family Quality of Life in Parents of Children with Autism Spectrum Disorder: Parent Gender and the Double ABCX Model. *J Autism Dev Disord* 44, 3101-3118 (2014). <https://doi.org/10.1007/s10803-014-2178-7>
- Miller, Julie Johnson, "Assessing Executive Functioning in Young Children with Autism Spectrum Disorder" (2018). *Walden Dissertations and Doctoral Studies*. 5380. <https://scholarworks.waldenu.edu/dissertations/5380>
- Myers, B. J., Mackintosh, V. H., & Goin-Kochel, R. P. (2009). "My greatest joy and my greatest heart ache:" Parents' own words on how having a child in the autism spectrum has affected their lives and their



- families' lives. *Research in Autism Spectrum Disorders*, 3(3), 670–684. <https://doi.org/10.1016/j.rasd.2009.01.004>
- Nurul Muchlisa1, Helda2. (2020). Coping Strategies Used By Mothers in Children with Autism. *Indian Journal of Public Health Research & Development*, 11(3), 2238-2242.
- Oya Onat Kocabıyık , Yeşim Fazlıoğlu *Life Stories of Parents with Autistic Children*. Journal of Education and Training Studies Vol. 6, No. 3; March 2018
- Papadopoulos, D. (2021). Mothers' Experiences and Challenges Raising a Child with Autism Spectrum Disorder: A Qualitative Study. *Brain Sciences*, 11(3), 309. MDPI AG. Retrieved from <http://dx.doi.org/10.3390/brainsci11030309>
- Rivard, M., Terroux, A., Parent-Boursier, C., & Mercier, C. (2014). *Determinants of Stress in Parents of Children with Autism Spectrum Disorders*. *Journal of Autism and Developmental Disorders*, 44(7), 1609–1620. doi:10.1007/s10803-013-2028-z
- Suma Raju, P. E. V. Hepsibah & M. K. Niharika (2023) Quality of life in parents of children with Autism spectrum disorder: Emphasizing challenges in the Indian context, *International Journal of Developmental Disabilities*, 69:3, 371-378, DOI: 10.1080/20473869.2023.2173832
- Teherani A, Martimianakis T, Stenfors-Hayes T, Wadhwa A, Varpio L. Choosing a qualitative research approach. *J Grad Med Educ*. 2015;7:669–70. <https://tl.warbletoncouncil.org/fenomenologia-metodo-fenomenologico-12407> <https://link.springer.com/article/10.1007/s40037-019-0509-2>

Bio Propayl:

Tracy L. Serdevlla, Master of Arts in Education major in Filipino, Bachelor of Secondary Education major in English with 24 units in Filipino, presently a Teacher II in Senior High School Faculty at Luisa Medel National High School.

Ma. Leni C. Francisco, Doctor of Philosophy major in Educational Management, Master of Arts in Education, major in Administration and Supervision, Master of Arts in Education, major in Filipino, Bachelor of Elementary Education, presently a Faculty member and Program Head of the BEED -General Education, BSED -Filipino Programs of the College of Education.